# Salapi, Dangal, Paniniwala:

## Ang Komodipikasyon ng Kaluluwa sa Kathambuhay, *Sa Ngalan ng Diyos* ni Faustino Aguilar

■ E. SAN JUAN, JR.

*Professor Emeritus ng English, Comparative Literature & Ethnic Studies, University of Connecticut at Bowling Green State University; awtor ng Bakas Alingawngaw (Ateneo University Press) at Kontra-Modernidad (UP Press); at kamakailan lamang ay naglingkod siya bilang Visiting Professor ng English and Comparative Literature sa UP Diliman, at lektyurer sa Holy Angel University, Angeles, Pampanga.*

*[Ang mga fraile] ang nagsulong ng pagkastigo kina Burgos, Gomez at Zamora.... Subalit ang ganitong hayag na kawalang-katarungan ay hindi nagpunla ng takot kundi magkamuhi sa mga fraile...at pakikiramay at pagdaramdam para sa mga biktima...Pinag-isip ng mga Filipino, sa unang pagkakataon, hinggil sa kanilang kalagayan. Sa pagdaramdam, naramdaman nilang nabubuhay sila. Kaya itinanong nila kung paano sila nabubuhay....*

*—APOLINARIO MABINI,*
*Ang Rebolusyong Filipino (1931)*

*He who desires something, desires because of the common good, because it is his own good, since it is the good of the entire universe...It is impossible for someone to realize their good if their project is not convergent with the common good.*

*—SAINT THOMAS AQUINAS,*
*Summa Theologiae, I, 2, Qu.92*

*Religious suffering is, at one and the same time, the expression of real suffering and a protest against real suffering. Religion is the sigh of the oppressed creature, the heart of a heartless world, and the soul of soulless conditions. It is the opium of the people. The abolition of religion as the illusory happiness of the people is the demand for their real happiness. To call on them to give up their illusions about their condition is to call on them to give up a condition that requires illusions. The criticism of religion is, therefore, in embryo, the criticism of that vale of tears of which religion is the halo.*

*—KARL MARX, Contribution to the Critique*
*of Hegel's Philosophy of Right (1844)*

Isang makasaysayang insidente ang pagkakalimbag muli ng nobelang *Sa Ngalan ng Diyos* (pinaikli *Sa Ngalan*; natapos noong Disyembre 1910) nitong 2004, sa kasagsagan ng neoliberalismong pangungulimbat ng kapitalismong global sa Piipinas at atrasadong lupalop ng daigdig. Matagal ding nakalimutan itong pangatlong kathambuhay ni Faustino Aguilar, nailathala apat na taon pagkalabas ng obra maestrang *Pinaglahuan* (1907) na sinundan ng *Busabos ng Palad* (1909); itinalang lumabas ito kasabay ng *Nangalunod sa Katihan* (1911). Sa simula pa lamang, nais kong ihain ang kuro-kurong ipotesis na ang akdang *Sa Ngalan ng Diyos (*tumutunton sa yapak ng dalawang nobela ni Rizal) ang pinakamatalisik at mapanghamong likhang-sining na nagtatanghal ng ulirang pagsisiyasat sa sikolohiya ng mga uring panlipunan, kakabit sa kongkretong panahon/espasyo, sa yugtong transisyonal (mula 1898 hanggang 1910) ng ating kasaysayan.

Naituring si Aguilar na "Alejandro Dumas ng Panitikang Tagalog" dahil sa *Busabos ng Palad* (Regalado 1670). Naisadula ang pansikolohiyang analisis doon sa sumunod na nobela. Kumpara sa *Banaag at Sikat* (1906) ni Lope K. Santos at *Madaling-Araw* (1909) ni Iñigo Ed. Regalado, na kapwa nakatutok sa kumbersasyon at pagpapalitang-kuro ng mga tauhang kinatawan ng iba't ibang perspektiba (Medina 269; Panganiban at Panganiban 206), nakapokus naman ang *Sa Ngalan* ni Aguilar sa pagtistis sa kamalayan ng mga protagonistang gumaganap, lalo na sa damdamin at saloobin ni Eladio at mga maniobrang proyekto ng mga Heswita.

Kung ihahambing ang akda ni Aguilar sa mga kapanahon, mapapansin na ang klasikong *Nena at Neneng* (1903) ni Valeriano Hernandez Pena ay siksik ng moralistikong aralin at pasumalang sirkunstansiya (Mojares 198). Tipikalidad ng karakter ang mahalaga. Nilagom mula sa siniyasat na kaisipan at udyok ng mga tauhan ang tipikal na katangiang makauri na kongkretong inilarawan sa alegorikang iskemang ipinaliwanag nina Lukacs (1972) at Jameson (1971). Bakit paraang mala-parabula o alegorya? Upang bigyan ng higing o himatong pang-unibersal ang mga katangiang partikular o aktuwal na nangyari o puwedeng mangyari (Scholes & Kellogg 151-52). Sa anatomiya ng mga karakter naikintal ni Aguilar ang makauring pananaw at paninindigang nagbubungguan sa diyalektika ng lugar at panahon sa nobela na ibinadyang "primary semiotic agent of intelligibility" (Culler 189).

**Sabwatan ng Etika at Ekonomiya**

Sa pambungad, ang unang layunin sa kritisismong ito ay ipakita ang ugnayan ng panahon at espasyo sa suliranin ng sino ang magwawagi sa kompetensiya sa isip/damdamin ni Carmen. Tinutukoy dito ang paglalangkap ng salapi at kalooban ni Carmen, ang may-ari, at lugar (tirahan, asyenda) at panahon (pagpapalit ng damdamin/saloobin ni Eladio). Simboliko ng bayang inagaw ng Amerika mula sa Espanya ang katawan/kaluluwa ni Carmen. Isinalin sa salapi/pag-aari ang istatus o identidad niya. Sa kompromiso ng simbahan at Amerikanong administrasyon, nalutas ang problema ng "friar lands" (Taylor 82-83).

Magkaugnay ang empirikal na sitwasyon at ang matalinghagang representasyon nito sa naratibo. Sinikap ding malutas ang problema kung paano maghuhunos ang kolonisadong

sabjek mula sa dogmatikong superbisyon ng aparato ng Simbahan tungo sa abstraktong batas ng sosyedad sibil at kapitalistang komersiyo—ang proseso ng komodipikasyong susuriin dito. Resulta nito: ang indibidwalistikong akto ni Eladio at subordinasyon niya sa kapangyarihan ng Estado (korte, bilangguan). Maselang paksaing-diwa rin kaugnay ng disposisyon ng ari-arian ang tunggalian ng ideolohiyang "frailocracia" (bansag ni Marcelo del Pilar) at dangal ng lahing anak-pawis. Isang malaman at makabuluhang kontribusyon ito sa palihan ng makabaya't progresibong diwa ng Pilipinas.

Mahigpit na magkakawing ang etika/moralidad at ekonomiyang pampolitika sa paglalarawan ng tauhan at banghay ng naratibo. Nais kong idiin na ang nobela ay isang matapang at mapangahas na kritika ng mapanggayuma't dogmatikong relihiyon na umiral sa teokratikong orden ng kolonyalismong Espanyol. At hanggang ngayon, ang institusyong ito ay malaking balakid sa pagsulong ng demokrasya't pagkakapantay sa buong sambayanan. Sisipatin ang moda ng produksiyon ng akda bilang ideolohikal na porma ng paglutas sa mga kontradiksiyong nakalatay sa dalumat at karanasan ng madla. Susubuking linangin ang mga proposisyong ito sa diskursong sumusunod mula sa historiko-materyalistikong perspektiba (hinggil dito, konsultahin San Juan 2015; 2019).

Umusad ang pamayanang piyudal ng kolonya tungo sa komersiyo't mala-industriyalisadong palapag. Mapapansin agad na kakaiba nga ang tema ng *Sa Ngalan*: hindi tuwirang dinukal dito ang pag-iimbot ng komprador-negosyante laban sa aristokratang angkan o suliranin ng makamundong pagnanais at politikang seksuwal na pinaksa sa *Pinaglahuan* (1907). Ngayon, hinarap ni Aguilar ang suliranin ng paniniwala o doktrinang ortodoksiya ng Kristiyanidad, sa malawakang pormulasyon, ang usapin ng ideolohiya't praktika. Ano ang koneksiyon ng kamalayan/budhi sa praktika ng paghahanapbuhay o pagmimili ng lakas-paggawa? Ano ang tiyak na pagkakasangkot ng paniwala at gawi, isip at kilos ng tao, sa pag-inog ng mga pangyayari sa kasaysayan?

**Pasakalyeng Panuntunan sa Imbestigasyon**

Sa kasaysayan ng nobela sa Kanluran, ang usapin ng ideolohiya kaakibat sa praktikang senswal ay pinakabuod na problemang sumulpot pagkagunaw ng hegemonya ng Simbahan. Nangyari iyon sa pagitan ng taong 1453 hanggang 1789. Kaalinsabay nito ang pagsibol ng burgesyang mentalidad at naturalistikong indibidwalismong lumaganap pagkatapos ng rebolusyong burgis sa Pransiya at lubusang industriyalisasyon sa Europa at Norte Amerika. Tinutukoy dito ang isang pinakamalubhang krisis ng sibilisasyon sa Kanluran: ang tadhana ng indibidwal sa daigdig na natuklasang walang diyos, walang nagbubuklod na iisang pangitain-sa-mundo—liban na sa salapi/kalakalan sa pamilihan/palitan ng produkto na kailangang matyagan, subaybayan, irekord sa imbentaryo. Simula ito ng paghahari ng salapi at palitan-ng-produkto sa pamilihan.

Isang sulyap sandali sa banghay ng nobela: Pinaikot ito sa pithaya ng ordeng Heswita na makuha ang yaman ni Carmen, isang ulilang dalaga, kung makumbinsi siyang pumasok sa monasteryo. Nang dumulog ang Amerikanong Mister Roland, inutusan ng mga Heswita

ang alagang Eladio Resurrecion na magmanman at magmasid. Di nagtagal, nagmongha si Carmen. Ipinatapon si Eladio sa lalawigan, nagkaroon ng kasintahan at malaguyong pangarap. Nang pauwiin siya upang maging alipin muli, umalpas at tinangkang maghiganti ngunit nabigo't nabilanggo. Isang parikalang wakas: ang matapat na katulong ay ipinasok sa bilibid habang si Carmen ay ikinulong sa kumbento.

Trinato ng sistemang umiiral sina Carmen, Eladio, Mister Roland bilang mga bagay na maipagpapalitan. Naghari ang "commodity-fetishism," pagsuob sa produkto/salapi, nang lumaganap ang pamilihan at pangangalakal. Ikinubli ng salapi/komoditi (halimbawa: lakas o talino ni Eladio) ang katangian ng makalipunang laman ng trabahong pampersonal (Marx 326-28; Ollman 198-204). Sa isang matalinghagang ironya, naisakatuparan ang komodipikasyon ng mga kaluluwa: nasugpo ang anarkistang pagbabangon ng dangal ng anakpawis, nanaig ang maka-negosyanteng pita ng mga prayleng umunlad ang makamundong kakayahan at kasaklawan nila, sampu ng materyal na katawan at kabuhayan, sa ngalan ng Diyos, kahit ipagwalang-bahala ang moralidad nito, kung makabubuti sa kaunting pribilehiyadong nilalang at makapipinsala sa mayorya.

Tungkol sa komodipikasyon ng kaluluwa, naipaliliwanag ni Marx ang transpormasyong ito sa unang bahagi ng librong *Capital.* Maingat na timbangin ang obserbasyon ni Marx:

> *The religious world is but the reflex of the real world. And for a society based upon the production of commodities, in which the producers in general enter into social relations with one another by treating their products as commodities and values, whereby they reduce their individual private labour to the standard of homogeneous human labour—for such a society, Christianity with its cultus of abstract man, more especially in its bourgeois developments, Protestantism, Deism, etc., is the most fitting form of religion....The religious reflex of the real world can, in any case, only then finally vanish, when the practical relations of every-day life offer to man none but perfectly intelligible and reasonable relations with regard to his fellowmen and to Nature." (326-27)*

Nakasasabik sundan ang pag-inog ng mga pangyayaring naibuod sa umpisa. Gayunman, hindi napigilan ni Soledad Reyes na punahin ang sa wari niya'y kakulangan ni Aguilar. Maputla ang nobela dahil "ang mga tauha'y nagmistulang sagisag ng mga abstraktong puwersa," sapagkat hindi napag-ukulan ng pansin ang paglikha ng "mga kapani-paniwalang tauhan at sitwasyon" (46). Sa palagay ko, mababaw at tagilid ang hatol ni Reyes. Sukat nang babalaan ang mambabasa na hindi payak na salamin ng buhay o simpleng repleksiyon ang nobela, kundi alegorikong analisis at ebalwasyon ng mga motibasyon, simbuyo't prinsipyong umuugit sa aksiyon, kaisipan at damdamin ng mga tipong tumuturol sa mga uri o sektor sa lipunan. Masalimuot ang sapin-saping dimensiyon ng kahulugang isinamong tarukin ng mambabasa.

**Aspektong Mimetiko & Didaktiko**

Sa pangkalahatan, realistiko ang estilo ni Aguilar, ayon kay Reyes, dulot ng impluwensiyang Kanluranin. Sa pakiwari ko, ang realismo o mimetikong paglalarawan ay hindi pagkopya o paggagad sa karanasan kundi pagdiyagrama ng mga tendensiya o lakas etikal-politikal na nagpapagalaw sa buhay. Nakasalig ito sa "demokratikong atitudo sa lipunan, saloobing eksperimental hinggil sa kalikasan" (Levin 221). Masasalat na makinis at maingat ang pagbabalangkas ng mga pangyayaring inihanay sa nobela, sampu ng katugmang protagonistang gaganap ng papel na tumutugon sa mga puwersang nagbibigay-katuturan sa ugnayan ng tao't kapaligirang panlipunan sa isang determinadong yugto ng kasaysayan. Mahalaga ang mga prinsipyong unibersal na nagtatagisan sa loob ng mga detalyeng isinalansan sa pag-aayos ng mga pangyayaring isinalaysay.

Ilatag natin ang parametro ng mga kalakarang umiinog sa likod ng mga pangyayaring pinaghugpong sa nobela. Naipaliwanag sa atin ni Benilda Santos ang personal na katayuan ni Aguilar noong panahong isinusulat ang nobela. Sa halalan noong 1907, na ibinunsod ng Cooper "Organic" Act ng 1902, naitatag ang Asamblea o Unang Kapulungang Pilipino noong Oktubre 1907 kung saan nakamayani ang Partido Nacionalista laban sa mga Federalista. Binuhay nina Quezon at mga kapanalig ang dating rebolusyonaryong digmaan sa pagkamit ng kalayaan mula sa Amerika. Samantala, habang kawani sa adwana at kahero sa Bazar La Union, patuloy na masugid naglingkod ang nobelista sa pahayagang *La Patria* at *Muling Pagsilang.*

Ulat ni Santos: "Nang matalo, noong 1910, ang pahayagang *Muling Pagsilang* sa kaso nito sa korte dahil sa pangulong-tudling na "Aves de Rapina" na bumatikos sa pagmamalabis ng mga Amerikano, naging *Taliba* ito. At si Aguilar ang hinirang na maging patnugot nito hanggang noong 1913, nang himukin siya ni Quezon at Osmeña na manungkulan sa pamahalaan" (xi; tingnan rin ang tala ni Agoncillo 292-93). Nakakaabala ito. Lubos bang sumanib si Aguilar sa oligarkong pangkat o nanatiling tapat sa uring manggagawa't magbubukid ng Katipunan na kaniyang pinaglingkuran noong kabataan niya? Sa palagay ko'y hindi.

Sa isang anggulo ng pag-unawa, ang nobelang ito ay alegorya ng pagtatagisan ng nasyonalistikong Filipino sa Asamblea (isang aspektong piyudal ay kinakatawan ng mga Heswita) at Amerikanong Commission (Mister Roland/komersiyo). Sa malalim na dalumat, isiniwalat ni Aguilar ang predikamento ng umuusbong na katutubong petiburgis (sa personaheng Eladio), mula sa pesanteng uring ipinagkakapuri ang sariling dangal. Siya ay naghangad umakyat sa mataas na saray ngunit, sa huli, hinadlangan ng mapanlupig na estrukturang piyudal at awtokratiko (Simbahan) at mapaniil na gobyernong tagapagtanggol ng *status quo*.

Sa nobela, hindi awtomatiko ang pagtatambal ng karakter at tipo ng uri sa lipunan. Gumanap si Carmen sa papel ng mariwasang Filipinong angkan (labi ng kolonyalismong Espanyol) na hindi makahulagpos sa minanang kostumbre, bagama't nahumaling sa

Amerikano at usong modernidad. Sagisag din siya ng bayang sinakop, hinahati, at ginagahasa. Namayani ang poder ng salapi at kalakalang pampinansiyal, kaya ipinagbili agad ng mga Heswita ang lupain ni Carmen na pinangangasiwaan ni Eladio upang magamit ito sa ibang pagtutubuan. Komodipikasyon ng lupain at katawan ni Carmen ang sumaksi. Samantala, tinanggihan ni Eladio na magbalik sa pagkaalila o alipin bilang espiya o tiktik ng kaluluwa (mala-kumpisor). Pinili ng dating katiwala sa asyenda ang maging biktima/kriminal ng batas ng pamilihang kapitalista batay sa salapi at naipagbibiling pag-aari. Ayaw na niyang matukso ng katawang nagmimistulang idolo/mahiwagang bulto o imahen. Kongkretong sitwasyon ng bayan ang pinagmulan ng mga sangkap na bumuo sa temang sikolohikal at etikal na isinadula sa nobela.

Samakatwid, hindi didaktiko o moralistikong payak ang paraan ng paghahabi ng mga pangyayari sa teatro ng naratibo. Laging kalakip ang idea o kategoryang etikal at pampolitika sa kilos, salita at damdamin ng mga tauhang kinatawan nito. Sa madulang paghahanay ng mga insidente, pinatutunayan ang determinasyon ng bawat antas ng kasaysayan. Sa madaling salita, ang historya ang siyang nakasasakit, siyang tumatanggi sa pagnanasa at kagustuhan ninuman. Hindi maiiwasan ang pagsalin ng produkto sa salapi o bagay na maibebenta. Hindi madaling igpawan ang nesesidad na nakapaloob sa ekonomiyang pampolitika ng bansa.

Ang pangkahalatang problema sa nobela ay kung paano naibunyag ang lihim ng mga tauhan, ang katotohanan at kabulaanan, batay sa historyang hindi matatakasan, lalo na ang guhit-tagpuan ng produksiyon at reproduksiyon ng buhay: Carmen=propriedad, Eladio=serbisyong ginamit upang maangkin ang pag-aari. Ibinaling ang lente ng isip sa diyalektika ng intensiyon ng tao at nakapamayaning orden ng ekonomiya at relasyong sosyal ng mga uring nagpapaligsahan. Sa pangyayaring partikular nakaugat ang kahulugang unibersal.

**Konteksong Pangkasaysayan at Panlipunan**

Bumalik tayo sa empirikal na batayan ng simbolikong representasyon. Mabagsik ang pagtatagisan ng mga Filipino sa Asamblea laban sa Philippine Commission ng Amerika. Sinupil ng mga Amerikano ang susog ng mga Nasyonalista na ipawalang-bisa ang Sedition Law, Flag Law, at Bigandage Act; ang mga lumang batas tungkol sa pag-aari ng lupaing publiko at pribado; ang pagpapabuti ng awtonomiya ng mga lokal na pamahalaan; at ang pagsupil sa parusang kamatayan.  Hindi humupa itong hidwaan hanggang sa Jones law ng 1916 nang palitan ng Senado ang Commission bilang mataas na palapag ng Lehislatura (Agoncillo 336). Ang mas maigting na banggaan ng mga uri ay kasangkot sa pagbebenta ng mga lupain ng mga prayle (Constantino 297-99). Inutusan ni President Roosevelt si Taft na bilhin ang mga lupain bagamat tutol ang Papa sa Vatican. Nakipagkasunduan si Taft sa mga korporasyong relihiyoso na bilhin ang 166,000 ektarya sa halagang pitong milyong dolyares. Ngunit nang ialok ito sa mga pesante, napakataas ng halagang ipinataw dahil sa mga buwis, interes, atbp. Kaya sa halip na makinabang ang mga ingkilino, ang mga korporasyon ng mayayaman ang sumunggab sa San Jose Estate at lumala ang krisis ng kabukiran. Hindi ito maiwawaksi sa matagalang programa ng mga prayle.

Ang mainit na balitaktakan hinggil sa paghahati't pag-aari ng lupain, sampu ng mga empresang kakabit nito, ay sintomas ng matinding tunggalian ng mga uri. Sintomas ito ng pagsasalungatan ng atitudo sa pananakop ng imperyong Amerika sa buong arkipelago. Pahiwatig din ito ng napipintong rebelyon ng mga Colorum at iba pang sektaryang kilusan. Sa imbestigasyon ni Renato Constantino, lumalantad ang korupsiyon ng administrasyong dayuhan. Ang mga kamag-anak nina President Taft at Kalihim Root ang kasangkot sa anomalyang transaksiyon ng San Jose Estate. Sinusugan ni Gobernador Forbes ang Friar Lands Act upang alisin ang limitasyon sa pag-aari ng lupaing itinakda ng Organic Act ng 1902. Halimbawa ng tiwaling upahan: ang Isabela Estate na asyenda ng mga prayle ay nahawakan ng mga Amerikano. Isang pamangkin ni Dean Worcester, sekretaryo ng Interior, ay nakaupa ng 977 ektarya sa Nueva Ecija, samantalang si Frank Carpenter, isang kalihim ng Philippine Commission, ay nakaupa ng 13,000 ektarya ng Tala Estate. Yumaman ang mga kolonyalista at kasabwat na mga katutubong komprador at burokrata-kapitalista, pati na ang mga pangkating pribado tulad ni Mister Roland.

Humantong ito sa pagpasa ng batas sa Asamblea na ipagbawal ang paggawad ng lupaing higit sa 16 ektarya sa isang tao at higit sa 1,024 ektarya sa korporasyon. Subalit walang bisa ito upang mabago ang San Jose Estate transaksiyon (Constantino 298-99). Sa patakarang ito, pinalusog ang sistemang asyendang mana sa panahon ng Kastila at sinuportahan ng mga Amerikanong namumuno ang elitistang pangkat ng oligarkong katutubo na maiging kaalyado ng kolonyalismo. Lumala ang kalagayan ng mga ingkilino at magsasakang walang lupa.

**Alyenasyon at Pagtawid sa Krisis**

Sa gitna ng magulong sitwasyon, madaling ibinenta ng Heswita ang mga lupain ni Carmen, kaya tuloy nawalan ng trabaho at nagsausok ang mga pangarap ni Eladio. Sumalangit ang makamundong nais ni Eladiong magkapamilya habang hinikayat siya ng gunita ng nakaraang pagsasamantala na itindig ang kaniyang dangal bilang taong may kasarinlan—kalayaan bilang determinasyong pansarili. Ito ay tatak ng burgesyang Kaliwanagan na ipinangalandakan nina Marcelo del Pilar, Rizal, Bonifacio, Jacinto, Mabini, Isabelo de los Reyes, atbp. Lamang, nasanay si Eladio sa pag-iisa at mapag-isa, tatak ng tendensiyang makasaloobin na hango sa pedagohiya ni San Ignacio at sa teolohiya ni San Agustin taglay ang hidwaan ng makahayop na libog at pagsakripisyo sa kapwa (Taylor 1989, 128). Masalimuot ang predikamento ni Eladio bilang aliping pumipiglas, mistulang halimbawa ng "Unhappy Consciousness" ni Hegel na siniyasat sa *The Phenomenology of Spirit* (130-38).

Ang pag-aari ng lupain at iba pang kasangkapan na maipagpapalitan ay naging dahilan sa masidhing kabuktutang sumalot sa mga prayleng misyonaryo, kabilang ang mga Dominikano, Agustiniano, Heswita, Rekoletos, atbp. Sa maraming dahilan, nakumbinsi ni Bishop Domingo Salazar si Gobernador Dasmariñas noong Marso 1591 na pahintulutang makapag-ari ang mga prayle ng lupain (Constantino 67-67). Hinalinhan nila ang mga panginoon ng enkomyenda. Noong 1888, pinalayas ng mga Dominikano ang mga nagsasaka sa kanilang lupain sa Calamba, kabilang na ang pamilya ni Rizal. Sapagkat walang paring

sekular na mangangasiwa sa parokya, pumayag ang Papa na ipagpaliban ng mga prayle ang panuntunang umiiral sa monasteryo—karukhaan, kalinisan, abtp.—upang mapamahalaan ang parokya. Sa kakulangan ng administratibong opisyal ng gobyernong kolonyal, gumanap ng tungkuling sibil at sekular ang mga prayle, na nagdulot ng pagkakataong magkamal ng kayamanan at kapangyarihan. Batid ng monarkiya na ginagamit ng mga prayle ang katungkulan nila upang mapabuti ang sariling kapakanan, kaya ipinagbawal ng Hari na magmana sila ng anuman mula sa kanilang kinukumpisal o inaalagaang miyembro ng parokya. Tandisang nilabag ito ng mga Heswita (Padre Villamil, Superyor ng Orden) gamit ang daya, pagkukunwari, kabulaanan.

Ang unang banggit sa historya tungkol sa Heswita bilang panginoong maylupa ay naganap noong 1603 nang bilhin nila ang lupang angkin ng ilang pinuno sa Quiapo, na tinutulan ng mga katutubo sa dahilang hindi pag-aari iyon ng ilang hepe. Pinalayas ang mga Heswita noong 1768 ngunit bumalik noong 1859 at muling umangkin sa kanilang mga parokya sa Mindanao, na dahilan ng pakikipag-away sa Rekoletos at iba pang pangkat. Pinaghati ng monarkiya ang mga lupain sa Luzon sa Augustiniano, Franciscano at Dominicano, at ang Visayas at Mindanao ay ibinigay sa mga Heswita at Rekoletos (de la Costa 27).

Isang halimbawa ng tagumpay ng Heswita sa pagtuturo ay makikita sa misyon sa Tamontaka, Mindanao: nabinyagan ang mga paganong Tiruray na alipin ng mga Moro. Nabanggit ni Fr. de la Costa ang opinyon ni Alexander Dalrymple, isang Ingles na manlalakbay, tungkol sa kostumbre ng mga Moro sa Sulu: "The feudal prejudices can only be removed by throwing a greater weight into the popular scale and by a spirit of commerce changing their attachments in a certain degree from a sensibility of honor to the acquisition and security of property" (201). Bagamat hindi Moro, sumisikdo pa rin kay Eladio ang "sensibility of honor" na hango sa pagsusuob sa puri ng mga magulang at ninuno, sa piyudal na pamantayan (maibabanggit dito na, sa nobelang *Busabos ng Palad*, ang pagdasal ni Pedro sa burol ng kaniyang magulang bago pumatay ay signos ng matatag na bisa ng awtoridad ng patriyarko ng pamilya at kamag-anakan sa mga lipunang nakasalig sa trabaho ng alipin at kababaihan). Ang sikolohiyang katuturan nito ay masasapol sa ugnayan ng totem at tabu na pundasyon ng sibilisadong lipunan, sa mapangahas na teorya nina Freud at Marvin Harris.

**Mapaghinalang Hermenyutika**

Ano ang saysay ng mga impormasyong ito sa pagkilatis sa nakatayang likhang-sining? Lumilitaw na ang nasyonalistikong simbuyong alingawngaw ng 1896 rebolusyon ay nakasentro pa rin sa relasyong piyudal na umiiral sa buong kapuluan, relasyong nakakawing pa rin sa humupa ngunit matibay na muog ng frailokrasyang tinuligsa nina Rizal at mga Propagandista. Magkakatulong ang administrasyong kolonyal ng Amerikano, ang mga katutubong oligarko, at Simbahang Katoliko sa pagpapanatili ng *status quo*. Hindi maiiwasang talakayin ang pagsasabwatan ng Amerikanong gobyerno at mga Pilipinong maka-Federalista (kaakibat ng relihiyosong elementong malapit sa mga asendero sa plantasyon ng asukal, tabako, abaka, niyog, atbp.).

Sa halip na tuwirang puntiryahin ang "mapagkunwari at mapangamkam na mga alagad ng Diyos" (ayon kay Reyes), at ibandila ang anti-klerikalismo, inatupag ilarawan ni Aguilar ang tunggalian ng pangkat ng modernismong imperyalista (kinatawan ni Mr. Roland) at tradisyonal na pangitain (tuso, mapakana at mapanlinlang) ng piyudalistikong institusyon ng Compania ni Jesus, na labi ng nabuwag na teokratikong sistema ng kolonyalistang Espanyol. Sa pagitan nila, sumingit si Eladio, sugo ng uring anak-pawis, taglay ang indibidwalistikong sensibilidad na sumigla sa pangangasiwa sa asyenda ng mestisang Carmen. Nahubog din ang kaniyang punto-de-bista sa moda ng panunubok at pagsuplong (*surveillance*) na kahawig ng kumpisal, ayon sa diskurso ni Foucault (57-65).

Dahil sa pagkasangkot ng mga Heswita sa larangan ng edukasyon, bukod sa magpagkawanggawang aktibidad, nagkaroon ng pagkakataon ang mga anak-dalita (tulad ni Eladio) na makapag-aral. Bagamat kinasangkapan sila, ang aral ng kumpisal (repleksiyon sa sarili, introspeksiyon) ay bumunsod sa ugaling mag-ulik-ulik bago magpasiya. Sumasamba sa mga ninuno, pagkasira ng dangal ang motibasyon ng higanti ni Eladio sa kaniyang pag-aalsa. Lumalagay si Carmen bilang sagisag ng sambayanang kontrolado pa rin ng tradisyon at pamahiin, bagamat pansamantalang nahatak o nabighani sa Amerikanong abenturero—harayang kintal ng alitan ng mga oligarkong Quezon-Osmena at Philippine Commission ng Amerika. Hindi dinulutan ng pagkakataon si Mister Roland upang maipamalas ang bisa ng kanIyang pagka-Puti o indibidwalistang inisyatiba.

**Pagbulatlat at Pagbubunyag**

Kakatwa nga ang papel ni Eladio Resurrecion. Ang bahagi ng sambayanang hawak pa rin ng ideolohiyang piyudal, si Eladio (na wala sa pitong kabanatang nauna), ay gumaganap ng papel ng Kamalayang nagsusumikap maabot ang Kamalayang-makasarili (*Self-Consciousness*) sa pagsunod, pag-aaral, at sa tuluyang paghihimagsik. Tigib ng *ressentiment* (damdaming ginalugad sa *Genealogy of Morals* ni Nietzsche), paghihiganti ng busabos ang kaniyang alternatibong gamot sa sakit ng kaluluwa. Ang sunog na tinangka ni Eladio ay propetikong bisyon ng mala-rebolusyonaryong "resureksiyon" o muling pagkabuhay na naibantayog sa huling kabanata ng *Pinaglahuan,* sa ngalan ng sawing pag-iibigan nina Luis at Danding. Maituturing ito na analohiya sa nasukol na himagsikan ng sambayanang anak-pawis at magbubukid laban sa luma at bagong manlulupig.

Nakalantad pa rin ang tanong na anong ngalan ng Diyos ang inihuhudyat ng buong salaysay? Kung aalagatain ang tatlong hibla ng banghay (Heswita-Carmen, Heswita-Eladio, Heswite-Mister Roland), nakatuon ang interpretasyon dito sa kuwestiyong sumusunod: Sino sa huling pagtutuos ang makahahamig sa budhi't pag-aari ni Carmen? Ano ang ibig ipahiwatig ng pagkasingit kay Eladio sa pagtatagisan ng Amerika at Simbahan? Ano ang katuturan ng rebelyon ni Eladio, ang pagkatapon niya sa hilaga at pagkasawi niya? Ganap ba o hungkag ang tagumpay ng mga Heswita at walang naiwang positibong sangkap ang balintunang pakikipagsapalaran ni Eladio?

Nais ko lamang palalimin at palawakin ang nakaugaliang pagbasa sa nobelang ito. Hindi ito mekanikal na paglapat ng mga datos pangkasaysayan sa balangkas ng nobela, na kung realistikong talaga ay nagpipinta ng mga tipikal na sitwasyon at sintesis ng karakter. Hindi simpleng kopya ng hilaw na datos o estadistiko ang nobela. Binatikos ni Roberto Añonuevo ang di-umano'y direktang tumbasan ng kasaysayan at likhang-sining, na sa kaniya'y "paglulunoy sa kumunoy ng realismong panlipunang mahirap igpawan" na, sa turing ko, ay sadyang karikatura ng radikal na kritisismo (vi-vii). Metapisikang malabo't malisya ang resulta kung abstraksiyon ng likhang-sining lamang na bukod sa lipunan at kasaysayan ang bibigyan-pansin. Kontento na ba tayo sa paghugot ng ilang aral o leksiyon na kagyat maingunguya't mailuluwa ng mga pobreng estudyante?

Walang dudang ang nobela'y nagtataglay ng natatanging diskurso at signipikasyon na iba sa diskurso ng mga historyador. Walang pagtatalo sa iba't ibang katangian ng mga disiplina. Datapwat hindi maihihiwalay ang katuturan ng haraya at pananagisag sa nobela sa kondisyong sosyal at pangkasaysayang konteksto na sumusuhay doon. Kung hindi, labis na estesismong bulgar ang absolutong proklamasyon na may sariling kosmos o Platonikong esensiya ang likhang-sining na walang kinalaman sa buhay ng awtor at lipunang pinag-ugatan nito. Pormalismong walang saysay ito. Hindi rin tumpak ang ihulog sa indibidwalistikong signipikasyon ang bisa ng sining o batayan nito. Pagbasang makatwiran at nakasandig sa ebidensiya ang nais nating itaguyod at paunlarin.

Ang tesis ko rito ay palasak na sa postmodernistang klima: nakapupukaw ang katha sa bisa ng "reality-effect," kaalinsabay ng porma ng ideolohiyang nakapaloob rito—ang katotohanang hatid ng alegoriko't matalinghagang pamamaraan. Taglay ng akda ang estruktura o padrong pang-ideolohiya. Ang ideolohiyang ito ay nakakabit sa mga sapin-saping kontradiksiyong isinasabuhay ng mga tauhan at eksena sa nobela, na gumagalaw at sumusulong sa kasukdulang antas. Humahantong ang kombinasyon sa isang imahinaryong resolusyon o kalutasan ng mga kontradiksiyong nahinuha mula sa tunay na karanasan hindi lamang ng awtor kundi ng mga grupo o sektor, mga importanteng puwersa ng madlang nagtatagisan sa realidad (Balibar & Macherey 1996).

Ang pagresolba sa proyektong pag-angkin, di umano'y pagsalin, ng kayamanan ni Carmen (pamana ng Kastilang lipi) ay susi sa kapalaran ng ibang antagonistang puwersa (Eladio, Mister Roland, Heswita) na may karapatang makinabang doon. Paano nga nalutas ang kontradiksiyon ng kaluluwa (espiritu/halaga) at katawan (komoditi), ng pribadong pag-aari at publikong kabutihan? Anong tulay ang magdurugtong sa Lungsod ng Diyos at Lungsod ng Kamunduhan, sa punto-de-bista ni San Agustin?

**Diyalektikang Pag-inog ng Hulo at Hula**

Masalimuot ang paghabi ng mga ideyang nagsasalungatan sa kamalayan ng mga tauhan at sa kanilang pag-uusap. Masining ang paglalahad ni Aguilar sa eksposisyon at sa pagsisiyasat sa motibasyon ng mga pagbubulay-bulay ng mga tauhan. Mag-umpisa tayo sa Kabanata 1-2 na nagbabalita na mayroong sagabal sa layon nina Padre Villamil at Padre

Superyor na masaklot ang kayamanan ni Carmen: si Mister Roland. Bukod sa malamuyot na paglalarawan sa gandang pisikal ng babae, nabunyag sa isip ni Padre Superyor ang mithiin sa pagsuyo sa dalaga: "...ang yaman ng mga magulang ay nasa kapamahalaan niyang lahat. Marami siyang paupahang bahay, may lupaing malalapad, at sa lahat ng ito'y nakapagsasampa sa buwan-buwan ng walong libong piso. Ang isang binibining ganito ay saan di puputaktihin ng mga bubuyog, bakit maganda naman, may pangangatawang nakahihili, at balat na sakdal nipis" (9).

Ang kariktang karnal, tulad ni Kristo, ay tila inkarnasyon ng espiritung ubod-rangya. Pangako iyon ng paraisong makakamit kung maipasok ang dalaga sa monasteryo. Hindi dapat mamangha ang mambabasa sa masinsing paglalarawan ng Heswita sa kaakit-akit na katawan ng dalaga—isang kamunduhang dapat itakwil, mapanuksong kamunduhang sakop ng impiyerno—sapagkat ang pakay ng pari ay maisulong ang kapakanan ng institusyon. Muli, kapakanan ng kaniyang pangkat, hindi ng buong lipunan. Walang sagabal ito sa plano ng Heswita: "Kailangang buong-buo, walang pingas na mapasa kanilang kamay ang kayamanang tinutudla" (11). Sa guniguni naikintal na ng mga saserdote ang metamorposis ng katawan at tinapay, ng dugo ng Panginoon at alak, na himalang magbibigkis sa sekular na poder ng Estado at kapangyarihang espiritwal ng Simbahan.

Maisasaulo na ang kondisyon ng kaluluwa, ang espiritwal na pagkalinga sa buhay, ang primaryang interes ng Heswita. Ngunit kakatwa na si Padre Superyor ang nagbunyag ng diyalektikong pag-inog ng diwa: "Pagkadaki-dakila ng katalagahan...Ang dagat na kanina'y naghihinugong at pinapaspas ng hangin, ngayon ay tahimik at payapang-payapa...Hindi nga kataka-takang ang mga tao'y mawili sa lupang ito na sagana sa mga bulaklak, sa simoy na pandugtong buhay. Ngunit ang kalupaan ay kalupaan, pawang alabok na lahat, nauuwi sa wala, sa hangin, sa aso, sa hiwaga, samantalang ang langit ay palagian...." (8). Mula sa maramdaming hagod sa kapaligiran, biglang lukso ng malay sa metapisikal na kaisipan ang mamamasid. Nakakuwadro ang nagsasalpukang puwersa sa idea ng kaluwalhatian, na madaling natabunan ng ingay ng automobil (tanda ng kapitalismong modernismo) at magulong halakhakan nina Carmen at mga kaibigang nagliliwaliw (ligayang sekular).

Ang kaaway ng mga Heswita ay madaling bakahin, paliwanag ng Padre Superyor kay Padre Villamil, sa kasuwistikong tono: "Sa mabuting kapalaran natin, mali man o tama sa katotohanan, ang kayamanan din ng mga Amerikano ay siya nilang ikinapapahamak...Sa mga aklat at pahayagan, sa mga salitaang lihim at hindi, ang sabing sa Amerikano ay wala nang mahalaga kundi ang pagkabuhay ng totoong karaniwan" (3). Tinutudla ng Amerikano ang "supot" ni Carmen, ang matris ng yaman at kapangyarihan, hinala ng Heswita.

Walang ilusyon ang Heswita na nakalublob na sa ilusyon ng pananampalataya. Pakli ni Padre Villamil na ang "masagwang pag-iimbot ng pilak" ay hindi lamang gawi ng Amerikano kundi ng sinuman, Ingles o Kastila. Walang pakialam ito sa hangarin ng Padre Superyor na nagmatuwid na ang kanilang itinutungo ay hindi ang "supot" kundi "ipinagiging mabuti ng lahat ng paraan," sampu ng "lalang"—tunay na katapangan na madadaig ang malaki (12)

kung maipapasok ito sa bakuran ng Simbahan, na siya ngang nangyari nang magkumpisal si Mister Roland kay Padre Villamil sa Kabanata 7. Ang komodipikasyon ng kaluluwa/konsiyensiya ay pinahihintulutan sa kaharian ni Cesar, na nakapailalim sa Lungsod ng Diyos (ayon kay San Agustin).

**Sigalot sa "Perlas del Oriente"**

Ang banyagang Mister Roland diumano'y mahiwaga. Hindi siya itinanghal na isang garapal o marahas na Yankee *carpetbagger* o mandarambong kundi musmos o walang-malay na romantikong nilalang. Gayunman, sinasalamin niya ang isang pilosopiyang sekular o naturalistiko, tila hango kay Spinoza kung saan ang katalagahan (kalikasan) at diyos ay magkaisa o magkatumbas. Siyentipikong proposisyon ito. Sa turing ni Carmen na ang katalagahan ay gawa ng kapangyarihan ng Diyos, sagot ni Mister Roland na may himig mapagbirong paghahalo ng mga pagkakaiba, na lohika ng kalakalan bilang pagtutumbas ng iba't ibang komoditi sa pamamagitan ng salapi (abstrakto at unibersal na sukat ng halaga). Lahat ng bagay ay maibebenta kung may halagang mapapakinabangan ang sinumang nangangailangan. Masinop na baybayin ang oryentasyon ng talatang ito:

> *Para sa Amerikano, ang katalagahang dakila, makapangyarihan sa kaniyang mga batas at may mga lihim na kapalakarang sinusunod na di matutulan ni ng lakas at katalinuhan ng tao, kung minsan, ay siya na ring Diyos. Sa ganang kaniya ang pag-awit sa kagandahan ng dagat, ang paghanga sa sariwang talulot ng mga sampaga, ang pagtataka sa naglalakihang bundok ay pag-aawit, paghanga at pagtataka sa Diyos na rin. May mga sandaling ang Katalagahan ay naipalalagay niyang iba nga sa Diyos datapwat dahil sa madalas na pagkakaisa ng kanilang mga lakas sang-ayon sa napagkukuro ng tao, at dahil sa magkaparis nilang kabutihan sa maraming bagay ay nahuhulog siya sa paniwalang ang Diyos at Katalagahan ay iyon din, samakatwid baga ang isa'y nauuwi sa dalawa at ang dalawa ay nauuwi sa iisa (28).*

Sa paglagom, ang pilosopiya ng Amerikano ay hugot sa kalikasan, naturalistiko, at empirikal na nakaugat sa araw-araw na karanasan ng ordinaryong tao. Sa katunayan, hindi ito malayo sa tagubilin ni San Ignacio na ituring "ang lahat sa mundo bilang nilikha ng kabutihan ng Diyos na masisinag sa kapaligiran" (Armstrong 285). Tulad ng mga Puritanikong grupo, mga dalubhasang mananaliksik ang mga Heswita. Hindi magkaaway ang siyensiya (rason) at pananampalataya. Ayon kay Santo Tomas, hindi magkalaban ang agham at pananalig sa Diyos. Hindi nakamamangha na realistiko't mapitagan ang lapit ni Padre Villamil, maingat sa pakikitungo, kaya nahikayat niyang magtapat si Mister Roland.

Gayundin ang maniobra niya kay Carmen na naipit—tulad ng mga subalterno sa Asamblea—sa pagitan ng piyudal na orden at kapitalistang sistema ng pagtimbang sa lahat ng bagay ayon sa halagang-paggamit (*use-value*) na puwedeng tratuhin sa *halagang-palitan* (exchange-value), ang lohika ng negosyo o kalakalan (pag-angkat at pagluwas ng produkto). Dito nagmumula ang komoditi-petisismo, ang pagturing sa mga produktong nabibili bilang ultimong mithiin o adhikain, at ang pagturing sa tao bilang instrumento,

hindi independiyente at malayang pagkatao. Noong Siglo Medya, ipinagbibili ang indulhensiya,kaya kinailangan ng purgatoryo. Ang Pilipinas noon ay isang purgatoryo sa mga katutubong kaluluwang tinitimbang sa binyagan at tindahan.

**Ambil ng Paghalungkat at Pagsaliksik**

Nadiskubre ang pinakasentral na kontradiksiyon. Maitataya na ang sagupaan ng Heswitang estratehiya upang mapailalim ang kamunduhan sa Diyos at tukso/himok ng mariwasang kabuhayan sa patnubay ng imperyalismong Amerikano—kung paano ito maisasadula—ang unang preokupasyon ni Aguilar. Naipahayag ni Mister Roland ang kaniyang pag-ibig; mahinhing tinugon iyon ni Carmen. Walang kinahantungan. Isang taon at kalahati ang lumipas; natukso siyang magkumpisal kay Padre Villamil. Ginamit ng pari ang paggalang ng Amerikano sa kostumbre ng katutubo: ipinalagay na hindi makapagpapasiya si Carmen dahil sa kaniyang pagmamahal sa kaniyang ale. Natupad ang balak ni Padre Superyor na matulak si Mister Roland sa kanilang bakuran upang magabayan iyon at maigiit ang kanilang gusto. Samakatwid, nailangkap ang pangitaing sekular/naturalistiko sa masaklaw na Heswitang ideolohiya ng pakikibaka sa panig ng Langit laban sa puwersa ng Impyerno, sa Lungsod ng Kamunduhan.

Maipapalagay na sintomas ito ng militaristiko't awtokratikong konstitusyon ng Compania ni Jesus. Ang argumento (ipinaangkin kay Makiyabelo) na anumang paraang mabisa ay wasto ay siya ring katwirang isinusog upang ipagtanggol ang rebolusyon at pagpatay sa tirano kung kakailanganin ng simbahan (Bainton 279). Lahat ng metodo ay makatwiran kung ang adhika'y lalong maidakila ang Diyos—isang kalabisang maghaka na kailangan pa ng makapangyarihang Grasya ang ambag ng makasalanang nilalang. Ngunit sino sa mga taong nakikipaghamok ang maaaring maghatol sa usaping ito na walang kinikilangan at makatarungan?

Ang matalisik na sikolohikong analisis ni Aguilar sa dalumat ni Padre Villamil ay katibayan na ang nobelang ito ay mapangahas na eksperimento sa pagpanday sa panitikang Tagalog. Iginuhit na malikhain at mabusisi ang proseso ng damdaming sumalisi pagkahulog ni Mister Roland, tanda sa mediyasyon o rekonsilyasyon ng kontradiksiyong Amerikano-versus-Simbahan. Sa isang pagtatasa, si Eladio ay nagsisilbing mediyasyon din sa pagitan ng instrumentalistang makinasyon ng kapitalismo at animistikong estilo ng pamumuhay ng mga paganong tribu. Siya ang puwedeng magsilbing transisyon ng piyudal na ekonomiyang pampolitika tungo sa burgesyang kaayusan. Hindi nangyari sapagkat bumulas ang kamalayan-sa-sarili nang magkaroon ng gawain at responsabilidad sa pangangasiwa sa lupain at buhay ng mga manggagawa't pesante sa lalawigang malayo sa Maynila.

**Teatro ng Digmaan ng mga Pangitain-sa-Mundo**

Bawat karakter sa nobela ay nagsisilbing entablado ng nagsasalpukang pananaw o pangitain-sa-mundo. Napagsanib ang magkatunggaling puwersa sa daloy ng isip ng Heswita kung saan nakakintal ang pagsulong ng pagsasalaysay mula sa komprontasyon ng modernistang sibilisasyong pinapatnubayan ng monopolyo-kapitalismo at pragmatikong

orden ng Heswita. Ito ay nagbubunsod tungo sa pakikihamok ng katutubong alila o katulong (Eladio) laban sa tradisyong piyudal na nagpanggap maging mapagkalingang pastol.

Naging sandata sa sugal ng mga negosyante ng kaluluwa ang kumpisal. Subaybayan ang dalumat ng pari sa nangyaring pagtanggap ng Amerikano sa kaniyang alok:

> *Kay-laki ng awang dinaramdam noon ng kawal ni San Ignacio, sa binatang nahulog sa patibong nang walang kamalay-malay. Kaya hanggang sa makaalis ito ay pinag-isip-isip kung anong bagong suliranin iyon ng kaluluwa, na ninilit sa taong gumawa at kumilos nang di na muna nag-iisip.*
>
> *Ngunit sa pagkaawa ay humalili ang kagalakan dahil sa di niya kinukusang pagkaalam ng maraming lihim na di-sasalang pakikinabangan sa lalong ikadadali ng pagkasilo sa dalaga. At ang ginawa ay agad nakipagkita sa padre superyor upang ibalita rito ang lahat (63).*

Ang kaalaman sa isip ng kapuwa ay naging puhunan sa lalong pagtubo nito. Napagkayarian ng dalawang kawal ng Compania ni Jesus na iakma ang estratehiya sa bagong katalagahan, na manmanan at subukan ang bawat galaw at kilos ng kanilang biktima, si Carmen. Kailangan ang isang makapagmamalas sa babae, taktikang ginampanan ng tiktik na si Eladio. Samantala, si Padre Superyor ang uugit sa gawi at hilig ng ale ni Carmen, pasisiglahin ang kaugaliang dapat sumunod sa magulang ang anak. Ito ay ideolohiyang piyudal na di inalintana ni Mister Roland, sapagkat kasabwat at kaalyado ng kolonyalismong lakas ang mga katutubong oligarko na ginagabayan ng tradisyonal na hilig at kaugalian. Bukod rito, kapuwa dayuhang Puti ang mga Heuwita at kolonyalistang negosyante, magkakutsaba sa paninikil sa kanilang sakop.

Dito natin halungkatin at ibulatlat ang trato ng Heswita sa halaga ng espasyo/lugar. Pagmuniin natin ang katuturan ng matalinong disposisyon at pag-aayos ng puwersa sa larangan ng digmaan upang maisulong ang proyektong *Ad majorem Dei Gloriam*, islogan ng orden, na nakasalig sa isang katamtamang pagkaunawa sa kakayahang moral ng bawat nilalang (Ferm 1959, 391). Iminungkahi ni San Ignacio (pundador ng Compania) na alagaan ang kalusugan, maging matiwasay at masaya sa tuwirang pagdanas sa Diyos sa pag-angkin ng rebelasyon upang maisulong ang mithiing sekular ng mga sundalo ng Diyos. Lahat ng paraan ay maipagtatanggol na tama kung ang layon ay ikadadakila ng Maykapal.

**Ang Pagsasanay ng mga Sundalo ng Diyos**

Ituon natin sandali ang pansin sa aralin hinggil sa pag-aayos ng tagpo sa nobela ayon sa plano ng Heswitang mahuli ang budhi/pagpapasiya ni Carmen. Konsensus ng lahat na ang *Mga Espiritwal na Pagsasanay* (*Spiritual Exercises 1522-24*) ni San Ignacio de Loyola ang pinakamakabuluhang giya sa mga kasapi. Itinatag noong 1534 sa Paris ni San Ignacio, ang Compania ni Jesus ay isang disiplinado at militanteng orden ng mga guro sa larangan ng edukasyon. Si San Ignacio ay iskolar, misyonaryong direktor ng kaluluwa, na naging lider ng Kontra-Repormasyon. Masugid na katulong sa Inkisisyon, binatikos ng mga Heswita sa

matinik na polemika ang mga deista, organisasyon ng mga mason, sina Voltaire at mga kapanalig na Pranses sa *Encyclopedia,* hanggang isigaw ang kanilang adhikaing busalan at ipatapon ang mga taong pinaratangan nilang walang diyos at erehe. Sa kanilang militaristikong oryentasyon, kinatakutan sila ng marami at naging bantog sa bulag na pagsilbi sa poder ng Papa.

Sa kodigo ng *Pagsasanay,* na binubuo ng mga dasal, meditasyon, paglilitis sa konsiyensiya (*examen de conscience*), at pagninilay, sa loob ng 28-30 araw, sisikapin ng nagtitika na matanto ang kalooban ng Diyos, siyasatin ang sariling loob, upang mabatid kung ano ang mabuti at masama. Sa mataimtim na paghalungkat at pagkilates sa budhi, sisikapin ng Kristiyanong sanayin ang kakayahang mangatwiran upang mailinaw kung ano ang tama o mali, gamit din ang pakiramdam—tingin, amoy, dinig, lasa, hipo—sa pagsunod sa isang metodo ng etikal na pagtimbang. Tulad ng modelo ni Thomas à Kempis (*Imitasyon ni Kristo* [1441]), layon ng katekismo ni San Ignacio ang ibunsod ang nananampalataya na tumulad sa Panginoon upang lubusang mabago ang makasalanang buhay sa mundo. Sa ganitong aralin, idiniin ng mga Heswita ang mahalagang papel ng kumpisal upang masusing mapatnubayan ang direksiyon ng buhay, tulad ng pagpayo kay Carmen na laging sumunod sa ritwal at utos ni Padre Villamil. Hindi malayo ang regulasyon ng orden sa reglang ipinatutupad sa pabrika ng mga kapitalista, o sa militaristikong pag-ugit ng Lider/Diktador sa pulisya at sundalo ng rehimeng awtokratiko at pasista.

Masasaksihan din sa *Pagsasanay* ang paglapat ng atensiyon sa espasyo/lunan ayon sa buhay ni Kristo. Maiging idinaliri ang daan ng peregrinasyon; itinuro ang matarik na daan, ang mapanligaw at pasikot-sikot na lambak, bangin, bundok, kung saan makapagpapahinga, gamit ang lahat ng sentido at natural na kakayahan sa paglalarawan at imahinasyon upang maipaghiwalay ang mabuti at masama, Kristo o Lucifer. Kahawig nito sa ironikal na himig ang ruta ng paglalakbay ni Eladio, simula sa panunubok kay Carmen at pagsusumbong niya sa kaniyang amo.

Hindi magkasalungat ang kalayaan sa pagpapasiya at pagsunod sa alintuntunin. Sa paglalangkap ng guniguni, kabatiran at pagnanasa, hindi sa paraang ekstatikang mistikal, makakamit ang kaganapan. Umaayon ito sa turo ng Heswitang Luis de Molina na magkatugma ang Grasya at malayang pagpapasiya ng tao—hindi sagabal ang malayang pagpapasiya ng tao sa mabisa't nauunang aksiyon ng grasya ng Diyos taglay ang *scientia media* (Rahner & Vorgrimler 290-91). Rasyonal kung gayon ang malayang pagpili ni Carmen habang pinapatnubayan ng Grasya. Ipinaglaban ng mga Heswita ang kalayaan ng tao laban sa doktrina ng predestinasyon ng mga Jansenista, Calvinist, at maka-San Agustin (Tillich 220-23). Kung walang malayang pagpili, wala ring hatol ng kapatawaran o parusa, manapa'y anong saysay ng awtoridad o soberanya? Walang pasubali na ito'y rasyonalisasyon ng mga panginoon at namumuno.

Ang espasyo sa nobela ay nakatuon sa mga silid ng Padre Superyor, Carmen at Eladio. Ang publikong lugar ay simbahan, lansangan, sa looban at bulwagan ng bahay ni Carmen,

at ilang pook sa nayon. Bagama't binabalaan na si Carmen ng Padre Superyor tungkol sa indibidwalistikong pangitain-sa-mundo ng Amerikano"—"ang masidhing paglingap sa sarili, paris ng tinutuntong halimbawa ng pagdalangin sa *ako* ng mga Amerikano ay nagwawalat ng pananampalataya" (24)—hindi nasuway si Carmen sa pagdulot ng panahong pagliripin ang dulog ni Mister Roland na nangyari nang magkaroon ng handaan (Kabanata 6).

**Pakikipagsapalaran ng Birhen**

Ordinaryong buhay ang nakagagambala. Napukaw na ang damdamin ni Carmen sa balitang pag-aasawa ng pinsang Dolores at Ventura. Matinding balisa ang sumaklot sa dibdib ni Carmen: "...Siya kaya ay makaisip mag-asawa?...Hindi niya matulusan kung alin ang mabuti sa gayong siya ay nag-iisa o sa may makatali ang kaniyang kapalaran" (33). Umawit ng "Pamamaalam ni Aida sa Kaniyang Bayan"—pahiwatig na maitataboy siya sa madlang burgis (hawak ang patubuang propriedad), habang damdam ng lahat ang "pagbulalas wari ng pighating kinukuyom sa dibdib" (49) na hindi lang sa kabukiran kundi kabayanan at dulaan mahirap makarinig noon. Tinig sa kagubatan ang naulinigan ng madla.

Nalusaw ang espasyo ng pagtitipon sa pagniniig ng dalawa (Carmen at Mister Roland), sa ngiti at titig ni Carmen na "nagbubulong sa kaluluwa ng Amerikano ng laksa-laksang pangako at mga sumpang pagtatapat habang buhay" (54). Natapos ang kainan at kasayahan; nakatalukbong sa wani ni Carmen ang isang bagabag: "Iniibig niya si Mister Roland ay kung bakit nag-aalangang buksan dito ang kaniyang puso... Kung sa araw ay palubog na nang magsabog ng liwanag, at kung sa bulaklak ay lanta na ang mga talulot nang hanapan ng bango" (55). Gayundin ang nangyari sa kumpol ng bulaklak na bigay ni Dure (ang kasintahan niya sa asyenda) kay Eladio sa paglikas nito. Kaipala'y may taning ang lahat ng gawain sa mundo.

Kumitid muli ang espasyo ng hardin at bulwagan sa eksena nang magtakbuhan ang mga automobil, sagisag ng modernidad. Sa pagdidili-dili ni Carmen, pinatunayang ang gawing pagbulatlat at paghimay sa karanasan tungo sa kumbersiyon (pagdesisyong maging mongha, asawa ni Jesus) ang siyang magbubunsod sa paghulog sa umang ng Heswita. Mapanganib sanayin ang isip sa ikauunlad ng kalayaan ng bawat tao sa pagpili ng dapat gawin, pagpili ng landas na tatahakin. Ito marahil ang aral na ipinahahatid ng tagpong ito.

Maligoy ang naratibo, lunggating umantig ng di-palasak na kasabikan. Sa Kabanata 7, natulak na rin si Mister Roland sa bakuran ng simbahan hindi dahil sa pagkamaginoo ni Padre Villamil kundi sa pagkaalam na kumpisor ito ng dalaga. Ang pitong kabanata sa gitna ng nobela (Kab. 8-14) ay mangyayari sa loob ng bahay ni Carmen, sa silid niya at ni Eladio. Ang espasyo mula Kabanata 14 ay lumipat mula sa lungsod tungo sa kanayunan, sa kabukiran, kung saan ang suyuan ni Dure at Eladio ay lumago, sumigla at naging negatibong imahen sa nabigong pagsasama nina Carmen at Mister Roland. Nabuksan ang larangan, mula masikip na siyudad tungo sa maluwag at maaliwalas na panganorin ng kabukiran.

Naputol ang magandang kinabukasan ng oligarkong katutubo at kolonyalistang Amerika

sa aplikasyon ng turo ni San Ignacio. Tinuturol dito ang pagkumpisal, ulit-ulit na pagsulsol at paglamuyot sa konsiyensiya ng may kayamanan, at maagap na interbensiyon ng alila o instrumentong mauugitan tulad ni Eladio. Subalit pumaibabaw ang Estado sa pagkahuli't pagkapiit ni Eladio sa salang panununo g—protesta sa palalong kapangyarihan ng mga Heswita, na hindi katugma sa prinsipyo ng karidad at pagmamahal sa kapuwa nilalang, ayon sa turo ni San Agustin. Pahiwatig ito na kailangan ang kolektibong mobilisasyon, hindi anarkistang paghihiganting nagpapatibay lamang sa sistemang balakyot.

**Etikang Pagsilo at Politikang Pagkalas**

Mula nang ipasok si Eladio sa Kabanata 8 hanggang sa wakas ng nobela, lumipat ang sentro ng pagsasalaysay sa analisis ng sikolohiya ng instrumento sa pagsilo sa minanang yaman. Sa ibang salita, naitanghal sa bukana ang namamagitang pulutong ng katutubo, ang lakas-paggawa ng madlang walang pag-aari sa kagamitan ng produksiyon—na ililipat sa pag-aari ng mga Heswita. Nakatuon tayo sa krusyal na tanong: sino ang makapamamahala't makikinabang sa teritoryo't likas-yaman ng Pilipinas: ang imperyong Amerikano o mga trabahador sa bukid at pagawaan?

Ang huling bahagi ng nobela hinggil sa edukasyon ni Eladio, ng kaisipang walang muwang at mapagtiwala, ay proyektong paglantad sa limitasyon ng aktong personal laban sa makapangyarihan. Sa ibang pagsasaad, ang layon dito ay ipatalastas ang hanggahan ng maramdaming kritika na walang kolektibong lakas. Mensahe rito na ang mapusok na maka-sariling hakbang ay tulad ng reaksiyon ng hayop sa anumang panganib. Kung sa bagay, maaaring ipalagay na si Eladio ay representatibo ng medya-klase o panggitnang uri, taglay ang indibidwalistikong sigla't talino. Ngunit ang munakala niya—halimbawa, kaniyahin si Carmen—ay hinadlangan ng natutuhang pagsasaalang-alang sa dangal ng kababaihan at sa puri ng magulang. Malakas pa rin ang impluwensiya ng piyudal na kaayusan at antig ng dugo ng liping nakaugat sa agrikulturang produksiyon. Totoong ang esensiya ng pagkatao ay katumbas ng kabuuan ng ugnayang panlipunan sa isang takdang yugto ng kasaysayan (mungkahi ito ni Marx sa "Theses on Feuerbach").

Sa pagdaralita, umasa si Eladio sa mga Heswita sa ambisyong maging manggagamot. Biktima siya ng tadhanang kinagisnan. Ngunit ginulo't giniyagis ang kaniyang konsiyensiya nang matuklasan ang tahasang iniutos ni Padre Villamil. Dagling sumungaw ang totem ng mga ninuno nang madiskubreng siya'y pinagsamantalahan:

> *Sa maliwanag at tuwirang pagsasabi ang ipinapagawa sa kaniya ay paniniktik, pakikialam sa buhay ng may buhay upang ipagbigay alam pagkatapos sa iba. Ano pa't nauuwi sa nakahihiyang tungkol na magtaksil sa tapat na pakikisama, gamitin ang isip sa gawaing bagay lamang sa mga kaluluwang aba at may kaloobang pusali....sa gayong mapait na atas ay tumatanggi ang kaniyang malinis na budhi, parang ang ama niya at inang pinakamamahal ay nagbabangon sa kanilang kinabaunan upang siya ay isumpa...[Hindi naman maitakwil ni Eladio ang mga Heswitang "nagturo...na utang naman ang pagiging tao [na maling haka-haka, sa*

*katunayan]. Sa kaunting araw niyang ikinatitira sa bahay na iyon ay natarok niya ang kagandahang-loob ng dalaga, taglay ang] ganap na kabutihan…Umurong siya at sumulong ay walang nangyari, tila siya natutuntong sa guhit o nalalagay sa dulo ng sibat (75-76).*

Tulad ni Padre Villamil, natutuhan ni Eladio ang maglihim, magkunwari, gamitin ang linlang at pandaraya. Gaya-gaya, puto maya. Sa pagsaliksik sa kontradiksiyong bumabalisa sa kaniya, alalaong baga'y naging Heswita rin si Eladio sa balak na iligtas ang sarili at tumawid sa krisis ng di nabawasan ang dangal at pagkatao. Masinsinang siko-analisis ang matagumpay na nahulma ni Aguilar, ebidensiya na ulirang *pioneer* ito sa tradisyon ng nobelang makabago't mapanghawan ng bagong landas sa paggalugad at pagmapa sa kapaligiran. Kilatisin ang implikasyon ng dinamikong pagkukuro ni Eladio na tandisang paghubog sa huwaran ng *examen de conscience*:

*Bukod sa dapat naman niyang timbanging mabuti kung ano ang marapat na gawin.*

*Ang kakalabani'y sakdal-liksi, matalino at malakas, kaya ang kailangan ay hindi ang pag-iingat lamang kundi ang buong talas at lakas ng loob.*

*Parang uling na ipinahid sa kaniyang kalooban ang pagmamahal sa mga pinagkakautangan niya ng pagiging tao. At ang sanhi ay ang nadarama niya halos na kabulukan ng kanilang loob at karungisan ng kanilang budhi. Ang kanila palang budhi'y kasing-itim ng tina, kasimbaho ng pusali, kakulay ng burak. Nakaririmarim na mga taong sa ilalim ng damit ng pagpapakumbaba ay may natatagong matatalas na kuko ng halimaw. Hindi niya akalain!…*

*Pinag-iisip kung ano ang mabuti, bagaman sa sarili ay yari na ang tangkang ipagtanggol ang dalaga, laban sa kasakiman natay na sa kaniyang mga pag-asa sa pag-ibig ay nagtatangka pang pumatay sa kanyang pagkatao.*

*Naipalagay ni Eladiong ang Diyos na rin ang siyang nagtalaga ng lahat ng iyon upang siya na isang anak-bukid lamang ay makagawa ng isang bagay na maging karapat-dapat sa mata ng Makapangyarihang Lumikha (92).*

**Trahedya-komedya ng Pagbabanyuhay**

Wangis Heswita ang asal ni Eladio sa puntong ito. Sa kabila ng ganitong pagsisiyasat sa kalooban, hindi nakuhang gahasain ni Eladio si Carmen sa bantang biguin ang mga Heswita. Sa halip, siya ang napahamak at napaglalangan. Bilang testigo o saksi sa pakana ni Padre Villamil, ipinatapon si Eladio—tila mataginting na sumbat sa atin na huwag kalimutan ang napagsapit nina Mabini at mga bayaning ayaw tumanggap sa soberanya ng Amerika na nadestiyero pagkasuko ni Aguinaldo: "Pagkatapos na siya ay paggampanin ng isang katungkulang nakalalait sa pagkatao ay iyon ang gantimpala sa kaniya ang ipagtabuyan sa isang lalawigang malayo" (106). Bagamat napahupa ang galit, tandaan

ang imaheng nakapaloob dito: "Naglalamay na kinukuro ang kaniyang paghihiganti laban sa mga Heswita. Ang damdamin niya'y nag-aapoy, parang isang malaking siga sa loob ng dibdib na nagpapainit nang gayon na lamang sa kaniyang kalooban" (106). Naitampok na naman ang imahen ng apoy, sunog, na tila bunga ng kaniyang poot, ngitngit, pagngangalit sa aglahing di matiis, na magtutulak sa kanyang sunugin ang bahay ng mga Heswita sa huling kabanata. Apokaliptikong panimdim ang pumalit sa tukso ng imahen ng katawan ng birhen—isang pahiwatig ng kinabukasan ng bayan kung walang hustisya at paggalang sa mga karapatan ng inaapi't pinagsasamantalahan. Nagsanib muli ang diwa at katawan, espiritu at laman.

Ang galit ni Eladio ay sumagitsit muli nang utusan siyang bumalik. Ang himutok ng pag-iring niya "ay aapaw na parang tubig na kumukulo at sa pagdaraana'y walang ilalabing anuman kundi ang bakas lamang ng mga pagkasawing ibubunga" (145). Tila matiyagang estudyante ni San Ignacio si Eladio na sensitibo sa bugso ng damdamin at mainam magmasid sa proseso ng pag-inog ng dalumat na siyang sintomas ng hatol ng Diyos o katalagahan. Gumising ang nahihimbing na ulirat, umisip ng paraan kung paano maiwawasto ang kamaliang di maipaubaya sa dating guro o kadaupang-palad. Siya ang higanti ng bathala sa mga sumuway sa kanilang banal na utos.

Bago talakayin ang intensiyon ng dalawang huling kabanata ng nobela hinggil sa paghihiganti ni Eladio, balik-tanawin muli natin ang pangunahing proyekto ni Aguilar. Sa krisis ng sambayanan sa unang dekada ng pananakop, pinag-aralan niya ang paghahanay ng mga sektor, lakas-panlipunan, ang alitan ng puwersang makaluma at puwersang makabago, at paano ito nagbubunga ng ideolohiya o paninindigang gumagabay sa bawat mamamayan. Kaugnay nito, paano malulutas o maikakalag ang mga buhol ng kontradiksiyong nakahalang sa buhay ng bawat uri sa lipunan, lalo na ang away ng uring proletaryo at uring mamumuhunan. Kaakibat nito ang di pagkakasundo ng puwersa ng produksiyon (trabahador, intelihensiya, kababaihan, Lumad) at walang-katarungang ugnayan ng tao at malupit na Estado ng makapangyarihang oligarkiya't kolonyalismong mananakop.

Napag-alaman na natin ang nakalipas, ngayon naman usisain natin ang kinabukasan o hinaharap ng mga tauhan at grupo sa lipunan. Kung si Carmen ang kumakatawan sa kapalaran ng kababaihan at uring masunurin pa rin sa lumang orden, si Eladio ang personipikasyon ng mapanganib na krisis ng panggitnang-uri, katutubong mamamayan na supling sa bukid at napadpad sa lungsod kung saan namamayani ang awtoridad ng simbahan at imperyalismong burokrasya (pulis, simbahan,burokrasya, atbp). Maitatanong: bakit nagwakas ang nobela sa pagkabigo ni Eladio at pagkahuli sa kaniya? Bakit sumuko na lamang si Mister Roland sa pagkaalam—salamat kay Eladio—na siya ang naging biktima ng panlilinlang at pandaraya ni Padre Villamil?

Dumako muli tayo sa disenyo ng espasyo at panahon. Dalawang uri ng espasyo ang ginamit sa banghay ng nobela: ang saradong silid sa bahay ni Carmen, ang Simbahan, at ang mga

pribadong silid ng mga Heswita, na kapwa entablado o plataporma sa analisis ng isip at damdamin ng mga tauhan. Katumbalikan ang bukas na espasyo: hardin o looban ng bahay ni Carmen, at dagat at bukirin kung saan nailipat si Eladio nang hindi na siya kailangan sa paniniktik ni Padre Villamil. Pahiwatig ang dagat at parang ng posibilidad na makatakas si Eladio at makapagsarili sa bagong buhay na kasama ang napusuang Dure, anak ng liping tagabukid. Bapor at awtomobil ang sagisag ng nagmamadaling takbo ng industriyalisadong sibilisasyon ng imperyalismo, ng monopolyo-kapitalismong papatnubay sa buong daigdig mula Siglo 1900.

**Ruta ng Paglalagalag, Landas ng Paglalakbay**

Sa unang nobela ni Aguilar, *Pinaglahuan*, ang pagsasalisi ng makulay na eksena sa publikong lunan at pribadong lugar ay sinadyang disenyo. Mas maraming tagpo ng mga pista, handaan, at sugalan kaysa sa pribadong ugnayan nina Danding at Luis, himatong na humihina ang bigat ng humanistikong pakikipag-ugnayan kumpara sa kalakarang salapi o negosyo na pinagkakaabalahan ng mayorya. Madula ang sagupaan ng madla, ng komunidad, at ng ulilang pulubi o katulong sa lansangan at kabukiran.

Sa kabilang dako, ang maigting at nakapupukaw na pangyayari sa *Sa Ngalan* ay diyalogo ng dalawang personahe, halaw sa kumpisalan, o nag-iisang tauhan na nagninilay o naglalamay. Ang mga protagonista rito ay mga kaluluwang ginigiyagis ng di-mawatasang puwersa: ang lihim ng poder sa lipunan ay naikubli sa alyenasyon ng tao sa isa't isa dahil sa kolonisasyon at komodipikasyon. Dagdag pa ang pagpapatuloy ng alyenasyong espiritwal na tatak ng awtokratikong hirarkiya ng ordeng piyudal. Napawi ang komunidad ng mga anak-dalita sa lansangan, pabrika at bukid; namagitan ang nag-uulik-ulik na nagpapautang, si Rojalde at ang nagkakautang, si Don Nicanor sa *Pinaglahuan.* Dito, ang inuutang ay pagtitiwala na kung hindi masuklian, higanti ang malalasap ng mga walang dangal sa pagkilala sa obligasyon—diumano, "sa ngalan ng Diyos.".

Indibidwalismong nakasalig sa salapi at negosyo ang namamayani sa publikong larangan ng pamilihan. Ang paghihiwalay ng lungsod at nayon ay bunga ng dibisyon ng lakas-paggawa, ng lakas ng magsasaka na upahan ng panginoong maylupa at lakas ng pabrikang pag-aari ng kapitalista at mga lugar/gusaling upahan. Kawani o katiwala lamang si Eladio, ngunit ang milyu o kapaligiran niya ay tinitirahan ng mga pesante't magbubukid na pinapatnubayan pa rin ng siklo at ritmo ng kalikasan. Sa pamumuhay nila matatagpuan pa rin ang paggalang sa kostumbre, matandang kaugalian, at pakikiramay ng pamilya't angkan na hindi katulad ng parokya sapagkat walang minanang ari-arian ang kasangkot at tiwalag sa paghahari ng salapi at pag-uugit ng pamilihan.

Masisinag ang uri ng pamahalaan at makapangyarihang pananaw sa ayos ng espasyong pisikal. Malayo ang nakararaming tao sa kampanaryo ng Simbahan, sa plaza mayor ng kolonyalismong Espanol, kung saan ang lunan na pantay at walang kaibahan ay hinati at pinagbukod-bukod ayon sa hirarkiya ng *ciudad* at *pueblo*, ng awtoridad ng gobyerno/simbahan at mga nagbubuwis (Lefebvre 51-52). Nagtamasa ng pansamantalang

kasarinlan o awtonomiya si Eladio, at sagisag nito si Dure at kanilang pagmamahalan sa bukid, na tiwalag sa pag-inog ng industriyalisadong ragasa at lupit ng komoditi-petisismo ng pamilihan.

Isang kawili-wiling hulagway ng utopikong lunan ang naikintal ng tagapagsalaysay sa Kabanata 16, sa pagbabalik ni Eladio sa lungsod. Panahon, ang temporalidad ng paglisan sa pook ng kaligayahan, ang pumalit sa espasyong kinagisnan. Ipinahihiwatig dito ang di-matatalikdang pagsulong ng kolonya tungo sa kabihasnang modernidad, sa pamamayani ng salapi/kapital na mabilis ang sirkulasyon, tulad ng bilis ng bapor at bilis ng paglanta ng kumpol ng bulaklak na talinghaga ng naputol na ugnayan ng magkasuyo. Pansinin ang galaw ng tanawing nagbadya sa sensibilidad ni Eladio at reaksiyon ng nabiyak na personalidad sa bahagi ng katawan at sa bahagi ng diwa o ulirat:

> *Isang matunog na sipol ang umaalingawngaw sa karagatan at ang sasakya'y unti-unting kumilos.*
>
> *Banayad muna ang mga unang sandali, bago unti-unting tumulin, hanggang sa naging mabilis ang paglayo sa pasigang pinanggalingan. Si Eladio ay hindi tumitinag sa pagkakatayo, ang titig ay nakapako sa dalatan.*
>
> *Sa mga kabukirang iyon, at doon sa likod na kakahuyang masaya na abot ng tingin ay naiwan ang kaniyang puso, ang ligaya ng kaniyang buhay, ang babaeng malinis suminta na hindi na makikita kailan man kung siya'y sawimpalad sa inaakala. Katawan lamang niya ang lumalayo, ngunit ang kaniyang kaluluwa ay naiwan sa piling ni Dure, upang ito'y dalanginan sa tuwi-tuwina at sambahin sa bawat sandali.*
>
> *Ang kapighatian niya'y nag-ibayo nang mapakubli sa isang pulo ang sasakyan. Wala na siyang matanaw sa bayang pinanggalingan, kaya napatungo na lamang at sabay sa pagbubuntong-hiningang hinagkan nang buong kataimtiman ang kumpol ng kamuning na alaala sa kaniya ni Dure (146-147).*

Matagumpay na naikintal ni Aguilar ang anyo ng dalamhati o kapighatian ng lahing naduhagi ng imperyalismo, at nalugami sa rebolusyong natigil o nalaglag. Larawan ito ng buong kaluluwa ng sambayanang naparalisa. Si Dure ang simbolo ng kinabukasang nawaglit dahil sa pagkatigil ng rebolusyonaryong paglalakbay. Hindi na nagunita ni Eladio si Dure nang makarating sa lungsod; nakapaghari ang balak na bawiin ang puri, ang kasarinlang nalasahan sandali, ang ilusyon ng kalayaang nalasap malayo sa kampanaryo ng San Ignacio. Ito kaya ang husga at mensahe ni Aguilar sa kaniyang mga kapanahong nakibaka laban sa Espanya at sa Amerika?

**Makabagong Ultima Razon**

Kahambing ni Crisostomo Ibarra/Simoun si Eladio—nilinlang, pinagnakawan ng sinta, pinagpugaran ng galit at nasang pagbayaran ang utang sa kaniya sa paghihiganti. Nang

ibalita sa kaniyang naipagbili na ang pag-aaring lupain ni Carmen at makababalik na siya sa pagkaalila ng mga Heswita, sumabog ang ngitngit ni Eladio. Dito nahimay at napagsuma ang likaw-likaw na pangyayaring humantong sa kaniyang paglalakbay sa hilagang lalawigan.

Habang umuuwi sa lungsod, nagnilay si Eladio. Imbestigasyon ng konsiyensiya ang ginawa, tila kumpisal sa Kamalayang Nakatago o Nakakubli—isang pagkilala sa sarili bilang aktor sa dulaang pinamamatnugutan ng Diyos at panuntunan sa hinaharap. Nailuwal ang bagong insurektong magbubuhay sa napatdang paghihimagsik nina Bonifacio, Luna, Sakay:

> *Dati siyang tahimik at walang kaligaligan, ngunit ipinasok sa bahay ni Carmen upang gawing tiktik sa mga kilos nito kay Mister Roland. Nang naroon na'y nakilala ang tunay na layon ng mga Heswita, salamat sa pakana nilang nagbunga ng pagkasira ng mahigpit na pag-iibigan ng dalawa, at sa kaniyang pagkuha-kuha sa bangko ng salaping ibinibigay ng dalaga sa mababait na pari. Sa gayong kalagayan ay nilinlang siya ni Padre Villamil, pinapaniwala pang sapat na ang kaniyang nalalaman upang tanggapin lamang ang tungkuling kaniyang tinutupad, at ang kadahilanan ng ganito'y maliwanag na dili iba't ang nais na siya'y mapalayo at nang huwag maging saksi sa mga mangyayaring kasunod....*
>
> *Saka ngayon, nang sinisimulan niya ang paglangoy nang sarili, sa loob ng katayuang nilikha ng mga lalang din ni Padre Villamil ay ito at hindi na iba ang siyang bumigo sa lahat niyang mga panukala.*
>
> *Maliwanag na sa lahat ng iyon ang tinungkol ng mga Heswita ay pawang pagsira, paggiba, pagwarat hindi lamang ng kabuhayan ng mga taong napalapit sa kanila kundi pati sa kanilang mga pag-asa, sa kanilang kaligayahan at aliw (143-43).*

Binihisan ni Eladio ng polemikang pagtatakwil ang buod ng kaniyang paghatol sa huling kabanata, nang siya'y mabigo sa pagsunog sa bahay ng mga Heswita at pagkahuli. Ibinulalas niya ang bagong kabatiran niya batay sa kaniyang sariling pagmumuni ayon sa nasusong pagkamatapatin sa angkan at sa mga aral na rin ng pakikipagkapwa-tao mula sa kulturang katutubo. Matingkad na ipinagtabi ang bulahaw ng sawimpalad at hiyaw ng tinatampalasan sa huling kabanata:

> *Ang talaga pong katotohanan, Padre Villamil. Sa ngalan ng inyong Diyos ay sinira ninyo ang pag-iibigan ni Carmen at ni Mister Roland, sa ngalan ng inyong Diyos ay niluoy ninyo ang mga pag-asa ni Carmen hanggang sa siya'y maipasok sa monasteryo, sa ngalan ng inyong Diyos, ako ay inyong kinasangkapan sa mga lihim na pakana, at sa ngalan ng inyong Diyos ay pinaglaruan ninyo ang aking kapalaran. Kaya sa ngalan naman ng aking Diyos, ako ay gumanti."*
>
> *"A, sawimpalad, tampalasan."*

> *"Hindi po, Padre Villamil, hindi ako tampalasan. Sa lilim ng ibang palakad sa pamumuhay, sa sinapupunan ng ibang ayos na pagsasamahan ng mga tao sa nangyayaring ito ay ako ang bayani at kayo ang salarin (157).*

**Pagkumpiska sa Lihim ng Budhi**

Tambad ang kontradiksiyong naitampok sa pagsasagutan nina Eladio at Padre Villamil. Nailuwal ang kongkretong puwersa ng kasaysayan na bukal ng maraming diyos, samotsaring kapaniwalaan. Nakapamayani ang awtoridad ng pulis sa kapakanan ng simbahan at pag-aari. Kaipala'y balewala ang husga ni Eladio na "Katauhan ay may sakit pa rin," obserbasyong itinaguyod ng tagapagsalaysay na maalam sa komentaryong nakabuntot. Gayunman, ang kabanatang ito ay tila matingkad na paglalarawan ng diskurso ni Hegel tungkol sa diyalektika ng Alipin at Panginoon sa bantog na librong *Phenomenology of Spiri*t na nabanggit na sa unang talakay..

Ipinasok si Eladio Resurreccion sa bilangguan, "samantalang ang mga Heswita ay tumatanggap ng maraming pakikilugod dahil sa pagkaligtas nila sa isang malaking sakuna, salamat sa maawain at makapangyarihang Diyos" (157). Parikalang komentaryo na naglalahad ng ironikal na punto-de-bista ng tagapagsalaysay, pahiwatig na ang Diyos ay mahiwaga. Di nakapagtataka na batid ng Diyos ng Heswita ang lihim ni Eladio kaya natiktikan at nadakip agad ng mga sekreta, tulad ng pakikipagsabwatan ni Rojalde sa mga sekretang humuli kay Luis sa salang pagnanakaw. Salamat sa maraming mata ng Diyos na mapagmasid at nanghihimasok sa lahat ng bagay, ayon sa walang-humpay na pagtatanod ng panoptikong tagapagsalaysay. .

Sukat nang alalahanin na ang lahat ng paraan sa pagsagip sa kaluluwa ni Carmen ay tama o nararapat sa ikadadakila ng Diyos, ayon sa islogan ng mga Heswita: "*Ad majorem dei Gloriam."* Masugid na sinibak ng mga Heswita ang grupong Jansenista sa Pransiya sa ngalan ng rason at kalayaan sa loob ng absolutong awtoridad ng Papa, halimbawa na ang Compania ay tinaguriang modernistang alagad ng totalitaryang subordinasyon ninuman sa poder ng Simbahang Romano-Katoliko (Tillich 222). Totalitaryanismo ang bansag dito ng mga dalubhasa sa agham pampolitika.

Subalit hindi totoo na sang-ayon sila sa patakaran ni Machiavelli na lahat ng paraan, masama man o mabuti, ay papayagani sa ikagagaling ng Prinsipe. Bintang ni Pascal, ang tanyag na pilosopong Pranses, na turo ng mga Heswita ang Makiyabelismong *modus operandi* na ang simbuyo ng pagnanasa, hindi bait o makatwirang dunong, ang nagtatakda ng moralidad ng aksiyon. Nasa ulat ng mga komentarista na kinakasangkapan ng Compania ang sandata ng *reservatio mentalis* o sinadyang pagpapaisantabi, at *amphibology* o tinangkang ambiguwidad o ambil na pagsasabi (Fulop-Miller 154-55). Ang lohika nito ay nakasalalay sa katotohanang dapat iangkop ang anumang sasabihin sa limitasyon ng tiyak na pagkakataon at sa kung sino ang kinakausap at angkop sa layon at intensiyon ng usapan. Alinsunod sa ganitong istandard, ang pagtrato ni Padre Villamil kay Eladio ay

hindi masama o lihis sa katayuan ng isa't isa; at gayundin sa pakikitungo ng mga Heswita kina Carmen at Mister Roland. Imbitasyon ito sa pagpapasinaya ng Siglo ng Kapitalismong neoliberal at global simula ng 2100.

**Autopsiya ng Corpus Delicti**

Sa huling pagtutuos, ang intensiyon o adhika ang importante sa lahat, hindi ang resulta ng kilos na nakasalalay sa hindi mapipigilang bugso ng tadhana o nesesidad. Kung gayon, ang paghihiganti ni Eladio ay may katuturan, kahit man nabigo, tulad ng insureksiyon ng mga Colorum sa Tayug at ibang probinsiya at ng Sakdalista noong panahon ng Komonwelt. Sa pakiwari ko, ito ang masustansiyang kalatas ng pambihirang akda ni Aguilar.

Pakay ng nobela na ibilad ang sakit ng lumang sistema (gayundin ang pakay ni Rizal sa kaniyang dalawang nobela), gawing kasuklam-suklam ang ipokrisya ng simbahan at ang kahangalan at karupukan ng mga masunuring mamamayang di makaigpaw sa matandang kaugalian, at ang kahabag-habag na kasabwat sa gawaing panloloko't pandaraya. Sa gitna ng malagim na sitwasyon ng bayan noong dekada 1899-1910, matapos mabitay si Heneral Sakay at masupil ang labing hukbo ng rebolusyonaryong Republika ng Malolos, sinikap buhayin muli ang espiritu ng paghihimagsik sa mikropolitika ng pangkaraniwang buhay-buhay (kapwa ulila sa magulang sina Eladio at Carmen) na kubkob ng *ethos* ng pamahiin, sindak sa mga espiritu, at gawing walang kamalayan sa sariling bait. Nahubaran ang balat-kayo ng "Ngalan ng Diyos" na islogan ng reaksiyonaryo't oskurantistikong pangkat.

Inilagak sa personahe ni Eladio Resurreccion ang naratibo ng Filipinong nagbanyuhay sa interseksiyon ng lumang kolonyalismong merkantil at monopolyo kapitalismong sistema. Si Eladio ang simbolo ng lumalagong sektor ng gitnang-uri, puspos ng ambisyon, mapagkumbaba, murang isip, masigla, masipag, madaling mabuyo, maramdamin, at mapusok sa pagtatanggol sa karangalan. Dahil sa mababang antas ng produksiyong sosyal (pigil ang lakas-paggawa ng mga magsasaka dahil sa piyudalismong pakikitungo), naunsiyaming manupaktura, at atrasadong ayos ng edukasyon at komunikasyon, limitado ang kolektibong pagpupunyagi. Taglay ni Eladio ang positibong katangiang umaklas at lumaban sa kaapihan sa makasariling paraan, kakabit ng negatibong hilig sa indibidwalistikong pagkilos na angkop sa pagtatag ng kapirasong negosyo. Sintomas ang pagkabigo niyang angkinin si Carmen at lumawig sa piling ni Dure—kabiguang nagbunga ng pag-aklas at paghihimagsik.

Hinangaan ni Resil Mojares ang rasyonalistikong panunuri ni Aguilar at simbolikong teknik, at paghalungkat sa tema ng layong-pamamaraan: "In his concern with the problem of ends and means is manifested what was a central dilemma for the socially-conscious intellectuall of his time" (240). Subalit si Eladio ay hindi gumanap ng naturang papel. Siya ang binatang pinaglaruan ng kapalaran, at sa udyok ng kodigo ng dangal (nakaangkla pa rin sa normatibong animistiko), napilitang magtanong at gumanti sa sekretong paraang hango sa asal ng mga Heswita. Nag-iisa siya at nakapako sa erotikang tanikala (namintuho kay Carmen, at pagkatapos kay Dure). Walang makalipunang kinabukasan, sa pagtingin ni

Aguilar, ang ganitong paglutas sa malakihang problema ng paghihikahos at inhustisya sa larang ng sosyedad sibil. Bagamat kapuri-puri ang higanti ni Eladio, negatibong halimbawa pa rin iyon. Hangga't hindi kaugnay ng kolektibong kilusan ng proletaryo't intelihensiya ng bayan, ang pagbalikwas ni Eladio ay mananatiling retorikal na pagtutol at pagsuway sa mapagsamantalang estruktura ng kolonyalismo't oligarkiyang pamumuno.

Nabanggit sa isang panayam ni Pablo Glorioso ang dalawang mithiin ni Aguilar sa pagsusulat, testimonyal ng kaniyang konsepto ng responsabilidad ng manunulat. "una, ang ikapaanyo ng kapalaran ng mga aba at mga sahol; at ikalawa, ang kalayaan ng isip ay huwag mapailalim sa bulag na pananampalataya" (315). Sa pormulasyong ito na magkatambal ang adhikaing pampolitika na isakatuparan ang pagkapantay-pantay ng lahat sa isang makatarungang orden; at ang kategorikong etikal/moral na layunin ng Kaliwanagan—ang programa para sa transpormasyon ng bayan na itinaguyod ng mga bayaning Del Pilar, Rizal, Bonifacio, Mabini, Sakay, at iba pa—walang pasubaling ang sining ni Aguilar ay mabisang sandata sa ipinagpapatuloy na pakikibaka sa ngalan ng pambansang demokrasya at mapagpalayang sosyalismo. Hindi ito sa pangalan lamang—sa ngalan ng pantastikong imahen ng Paraiso—kundi sa praktika ng transpormasyon ng buong kaayusang piyudal-kapitalista tungo sa isang makatarunga't makataong sistema ng kabuhayan, sa ngalan ng sambayanang naghihimagsik.

## MGA SANGGUNIAN


Agoncillo, Teodoro and Milagros Guerrero. *History of the Filipino People*. Manila: R. P. Garcia Publishing Co., 1970. Limbag.

Aguilar, Faustino. *Busabos ng Palad.* Manila: Aliwan, 1950. Limbag.

---. *Sa Ngalan ng Diyos*. Quezon City: Ateneo de Manila UP, 2004. Limbag.

Añonuevo, Roberto. 2004. "Introduksiyon" sa *Sa Ngalan ng Diyos*. Quezon City: Ateneo de Manila UP, 2004. pp. v-xxx. Limbag.

Aquinas, Thomas. Summa Theologiae. Parts I & II. Turin: Marietti, 1950. Limbag.

Armstrong, Karen. *A History of God.* New York: Ballantine Books, 1993. Limbag.

Bainton, Roland H. *Christianity.* Boston: Houghton Mifflin, 1964. Limbag.

Balibar, Etienne & Pierre Macherey. "On Literature as an Ideological Form." *Marxist Lliterary Theory*, pat. Terry Eagleton & Drew Milne. Oxford UK: Blackwell, 1996. pp. 275-95. Limbag.

Constantino, Renato. *The Philippines: A Past Revisited*. Quezon City: Tala Publishing Services, 1975. Limbag.

Culler, Jonathan. *Structuralist Poetics.* Ithaca, NY: Cornell UP, 1975. Limbag.

De la Costa, Fr. Horacio. *Readings in Philippine History.* Manila: Bookmark, 1965. Limbag.

Dussel, Enrique. *Ethics of Liberation*. Durham, NC: Duke UP, 2013. Limbag.

Ferm, Vergilius. *Encyclopedia of Religion*. Paterson, NJ: Littlefield, Adams, & Co., 1959. Limbag.

Foucault, Michel. *The History of Sexuality: Volume 1: An Introduction.* New York: Vintage Books, 1980. Limbag.

Freud, Sigmund. Totem and Taboo. New York: Vintage, 1946. Limbag.

Fulop-Miller, Rene. *The Jesuits.* New York: Capricorn, 1956. Limbag.

Glorioso, Pablo. "Si Faustino Aguilar sa Tradisyon ng Nobelang Tagalog." *Philippine Studies*, 19.2 (April), 1971. 307-320. Limbag.

Harris, Marvin. *Cannibals and Kings.* New York: Vintage Books, 1977. Limbag.

Hegel, Georg Wilhelm Friedrich. *The Phenomenology of Spiri*t. New York: Oxford UP, 1977. Limbag.

Jameson, Fredric. *Marxism and Form.* Princeton: Princeton UP, 1971. Limbag.

---. *The Political Unconscious.* Ithaca, NY" Cornell UP, 1981. Limbag.

Lefebvre, Henri. *The Production of Space.* Oxford, UK; Blackwell, 1991. Limbag.

Levin, Harry. "What is Realism?" Nasa sa *The Practice of Modern Literary Scholarship*, pat. Sheldon P. Zitner. Glenview, IL: Scott, Foresman and Co., 1966. Limbag.

Lukacs, Georg. "The Intellectual Physiognomy of Literary Characters." Nasa sa *Radical Perspectives in the Arts*, pat. Lee Baxandall. Baltimore, MD: Penguin, 1972. pp. 89-141.Limbag.

Mabini, Apolinario. *Ang Rebolusyong Filipino.* Salin ni Michael Coroza. Metro Manila: Aklat ng Bayan, 2015. Limbag.

Marx, Karl. "Theses on Feuerbach." Nasa sa *Selected Works of Karl Marx & Frederick Engels.* New York: International Publishers, 1968. Limbag.

---. *Critique of Hegel's Philosphy of Righ*t. Pinamatnugutan ni Joseph O'Malley. Cambridge: University Press, 1970. Limbag.

---. "Capital, Volume One." *The Marx-Engels Reader*, pat. Robert Tucker. New York: W.W. Norton, 1978. Limbag.

Medina, B.S. Jr.. *Tatlong Panahon ng Panitikan*. Manila: National Book Store, 1972. Limbag.

Mojares, Resil B. *Origins and Rise of the Filipino Novel.* Quezon City: University of the Philippines, 1983. Limbag.

Nietzsche, Friedrich. *The Birth of Tragedy and the Genealogy of Morals.* Salin ni Francis Golffing. New York: Doubleday Anchor Books, 1956. Limbag.

Ollman, Bertell. *Alienation: Marx's Conception of Man in Capitalist Society*. Cambridge, UK: Cambridge UP, 1971. Limbag.

Panganiban, J Villa & Consuelo Torres-Panganiban. *Panitikan ng Pilipinas.* Quezon City: Bedes' Publishing House, 1954. Limbag.

Rahner, Karl and Herbert Vorgrimler. *Theological Dictionary*. New York: The Seabury Press, 1965. Limbag.

Regalado, Inigo Ed. "Ang Pagkaunlad ng Nobelang Tagalog." *Mga Lektura sa Kasaysayan ng Panitikan*, pinamatnugutan ni Galileo Zafra. Metro Manila: Aklat ng Bayan, 2013. pp. 157-77. Limbag.

Reyes, Soledad. *Nobelang Tagalog 1905-1975*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1982. Limbag.

San Juan, E. *Lupang Hinirang, Lupang Tinubuan.* Manila: De La Salle Publishing House, 2015. Limbag.

---. 2019. *Kontra-Modernidad*. Quezon City: University of the Philippines, 2019. Limbag.

Santos, Benilda. "Introduksiyon" sa *Pinaglahuan.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1986. pp. vii-xxix. Limbag.

Scholes, Robert and Robert Kellogg. *The Nature of Narrative*. New York: Oxford University Press, 1966. Limbag.

Taylor, Charles. *Sources of the Self.* Cambridge, Mass: Harvard University Press, 1989. Limbag.

Taylor, George. *The Philippines and the United States: Problems of Partnership*. New York: Praeger, 1964. Limbag.

Tillich, Paul. *A History of Christian Thought*. New York: Simon & Schuster, 1968. Limbag.